AS FOR **ME** AND MY **HOUSE**

# Paggawa ng Pagbabago Kung Saan May Impluwensya Ka Bilang Isang Ama: Ang Kwento ni Cornelius

**WEEK 2**

## WARM-UP

- Ano ang isang gawain na gustong-gusto mong ginagawa kasama ang pamilya mo? Magkuwento tungkol sa isa sa mga pinakamasaya mong alaala kasama ang iyong pamilya.
- Mag-isip ng isang *puzzle* o binubuong larawan o kaya ay pagsubok na hindi mo malutas sa umpisa. Ano ang nakatulong sa iyo upang mabuo o malutas ito?
- Alalahanin ang isang proyekto na pinamunuan mo sa trabaho o eskwelahan. Paano kayo nagtrabaho bilang isang grupo upang matapos ito?

## WORD

*27 Sapagkat binautismuhan kayo sa pakikipag-isa ninyo kay Cristo at namumuhay kayong katulad niya. 28 Ngayon, wala nang pagkakaiba ang Judio sa hindi Judio, ang alipin sa malaya, ang lalaki sa babae. Kayong lahat ay iisa na dahil kayo'y nakay Cristo na. 29 At dahil kayo'y kay Cristo na, kabilang na kayo sa lahi ni Abraham at mga tagapagmana ng mga ipinangako ng Diyos sa kanya.*

**MGA TAGA-GALACIA 3:27–29**

(Basahin din ang **MGA GAWA 10–11.**)

Ang plano ng Diyos para sa mga pamilya ay ang pagpalain sila at gawin silang pagpapala hindi lamang para sa lahi ni Abraham, kundi maging sa mga hindi Judio. Natupad ito sa pamamagitan ng ginawa ni Cristo na ipinapahayag ngayon sa lahat. Ang ebanghelyo ay hindi limitado sa anumang edad, etnisidad, o kasarian.
Noong nagsisimula pa lamang ang iglesya, ipinakita ng Diyos sa pamamagitan nina Pedro at Cornelius, na isang kapitan ng mga sundalong Romano, na walang kinikilingan ang ebanghelyo. Ngayon, titingnan natin kung paano ginagamit ng Diyos ang mga tao mula sa iba't ibang kalagayan upang maipahayag ang ebanghelyo at maging pagpapala sa kanilang mga pamilya.

## 1 Bago pa man narinig ni Cornelius ang ebanghelyo, ang Diyos ay kumikilos na sa buhay niya.

*[1]Doon sa Cesarea ay may isang lalaking ang pangalan ay Cornelius. Siya'y isang kapitan ng batalyon ng mga sundalong Romano na tinatawag na Batalyong Italyano. [2]Siya at ang kanyang buong pamilya ay may takot sa Diyos. Marami siyang naibigay na tulong sa mga mahihirap na Judio, at palagi siyang nananalangin sa Diyos.* **MGA GAWA 10:1–2**

Si Cornelius ay isang kapitan na namuno sa mahigit isang daang sundalong Romano. Kumilos ang Diyos sa buhay niya upang siya ay makilala bilang isang taong may takot sa Diyos. Hindi man siya Judio at muntik nang magpalit ng paniniwala sa Judaismo, siya ay nanalig, sumamba, at sumunod sa nag-iisa at tunay na Diyos. Binigyan siya ng Diyos ng kakayahang maging halimbawa at pamunuan ang buo niyang sambahayan na sumunod sa Diyos at magbigay ng tulong, gaya ng salapi o pagkain, sa mga mahihirap. Gumawa rin ang Diyos ng mga pagkakataon upang siya at ang lahat sa kanyang sambahayan ay manampalataya kay Jesu-Cristo. Bakit mahalagang makilala ang ginagawa ng Diyos habang iniimpluwensiyahan natin ang ating pamilya at ang iba pa patungo sa Kanya?

## 2 Si Cornelius ay sumunod sa tawag ng Diyos.

*[7]Nang makaalis na ang anghel, tinawag ni Cornelius ang dalawa niyang utusan at ang isang sundalong makadiyos na madalas niyang inuutusan. [8]Ikinuwento ni Cornelius sa kanila ang lahat ng nangyari, at pagkatapos ay inutusan niya silang pumunta sa Jopa.* **MGA GAWA 10:7–8**

Nagpatuloy ang pagkilos ng Diyos kay Cornelius at sa kanyang pamilya sa pamamagitan ng pagpapadala kay Cornelius ng isang anghel at pagpapakita kay Pedro sa isang pangitain. Habang nahihirapan si Pedro na unawain kung ano ang ibig sabihin ng pangitain (Mga Gawa 10:9–16), sinabihan ng anghel si Cornelius na magpadala ng mga kalalakihan upang imbitahan si Pedro sa kanyang tahanan. Kahit pa walang paliwanag kung bakit ganito ang ipinapagawa sa kanila, naunawaan ni Cornelius

na ito ay mula sa Diyos at agad siyang kumilos. Hindi niya alam na ang pagsunod na ito ang babago sa buhay ng mga nasa paligid niya at masisilbing katalista para sa pagpapangaral ng ebanghelyo. Habang nagtitiwala tayo at sumusunod sa Diyos kahit pa hindi natin naiintindihan, mauunawaan din natin kalaunan at makikita natin ang katuparan ng Kanyang mga plano. Balikan ang isang pagkakataon na tinawag ka ng Diyos upang gawin ang isang bagay na sa umpisa ay hindi mo maintindihan. Paano ka tumugon?

## 3 Inimbitahan ni Cornelius ang kanyang mga kamag-anak at malapit na mga kaibigan upang marinig nila ang ebanghelyo.

*Dumating sila sa Cesarea pagkaraan ng isang araw. Naghihintay sa kanila si Cornelius at ang kanyang mga kamag-anak at mga kaibigan na inimbitahan niyang dumalo.* **MGA GAWA 10:24**

Alam ni Cornelius na dapat niya, at ng mga tao sa paligid niya, na marinig ang sasabihin ni Pedro. Bago dumating si Pedro, naimbitahan na ni Cornelius ang kanyang mga kamag-anak at malapit na mga kaibigan upang pakinggan ang mensahe ng Diyos para sa kanila. Dahil sa pagsunod, pamumuno, at impluwensiya ni Cornelius, naipangaral ang salita ng Diyos, at siya at ang kanyang pamilya at mga kaibigan ay nanampalataya sa Diyos at nabautismuhan. Sila ay naging daan upang mas marami pang hindi Judio ang maniwala kay Cristo. Nagbago ang kaisipan ng mga Judio para sa mga hindi Judio nang makita nila ang pagkakataong ibinigay ng Diyos upang sila ay magsisi at makatanggap ng buhay (Mga Gawa 11:18). Ang ebanghelyong narinig natin ay para sa lahat ng tao sa ating paligid. Tayo ay nabibigyan din ng kakayahang makagawa ng pagbabago sa lugar kung saan tayo may impluwensya, sa pamamagitan ng ating pananampalataya, pagsunod, at pagtulong sa iba na sumunod din sa Kanya. Balikan ang isang panahon kung kailan may isa kang kapamilya o kaibigan na nakarinig ng ebanghelyo sa unang pagkakataon. Paano siya tumugon?

## APPLICATION

- Paano ka makapagbibigay ng maka-Diyos na halimbawa sa iyong pamilya at komunidad ngayon? Anong mga hakbang ang maaari mong gawin upang mapagpala ang ibang tao sa paligid mo at maituro sila sa daan papunta sa Diyos?
- May mga miyembro ba ng iyong pamilya o grupo ng mga kaibigan na hindi pa nakakarinig ng ebanghelyo? Ano ang ilan sa mga maaari mong gawin upang matulungan sila ngayong linggo?
- Ang Diyos ay walang paborito at ang ebanghelyo ay isang mensahe para sa lahat. Paano mo maipapangaral ang ebanghelyo sa mga taong hindi mo masyadong kilala? Ano ang sasabihin mo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagbibigay sa mga tao ng kakayahang mamuno ng mga maka-Diyos na pamilya at komunidad. Pasalamatan Siya na ang Kanyang pagmamahal ay para sa lahat ng tao, ano man ang kanilang demograpiko.
- Hingin sa Diyos ang kapatawaran para sa anumang pagyayabang at pagwawalang-bahala sa tuwing may mga pagkakataon upang maipangaral ang ebanghelyo.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon upang maipangaral ang ebanghelyo sa iyong mga kapamilya at kaibigan. Hilingin sa Diyos na tulungan kang maging isang mabuting halimbawa at buhay na patotoo ng Kanyang pagmamahal sa kanila.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Madel Vanguardia

victory.org.ph